PAHAYAGAN NG
Kabitenyo
ISSN-1656-0558
In God We Trust
VOL. 21 NO. 14 MAY 30 - JUNE 5, 2022 10.00

# Comelec probes election documents supposedly left in Cavite

**Viral ngayon sa social media ang mga larawan ng mga kahon ng official ballots at election paraphernalia na nakunan sa isang bakanteng lote sa bayan ng Amadeo kamakailan.**

Ayon sa uploader na si Rodne Rodiño Galicha, ang mga naturang larawan na kanyang in-upload sa social media noong Mayo 20 ay ibinahagi sa kaniya ng isang kaibigan.

"These were forwarded to me by a friend, was taken in a vacant lot sa Amadeo, Cavite. Eventually, allegedly F2 logistics truck picked these up that day, too. It looks like these are from Tondo," aniya.

"We're verifying the exact date of the footage and photos. COMELEC, please investigate. The truck body number is indicated in one of the photos," dagdag pa niya.

Makikita rin sa label mula sa isa sa mga kahon ang Brgy. 51, City of Manila First District, ang Jose Rizal Elementary School sa Tayuman Pingkian Street polling center sa Tondo, Manila, at ang bilang ng clustered precincts.

Samantala, sa interbyu ng GMA News kay Galicha, ikinuwento niya na hindi pa nila tukoy ang eksaktong araw kung kailan nakunan ang mga nasabing larawan.

"Nag-stay sila sa isang lugar doon katabi ng bakanteng lote. Nakita nila na mayroong nakatambak na black boxes doon sa may puno sa may bakanteng lote. Sila ay na-curious at pinuntahan nila, at dahil pamilyar ang hitsura ng black boxes at na-confirm nila at nakunan ng footages, ng pictures," saad niya.




Samantala sinabi ni Commission on Elections (Comelec) acting spokesperson John Rex Laudiangco na inatasan ng komisyon ang mga regional election directors ng Region IV-A at NCR, at ang provincial election supervisor ng Cavite na imbestigahan ang usapin.

Batay kay Laudiangco, obligasyon ng mga electoral board ang pagbabalik ng mga ballot boxes sa city treasurer's office.

"'Yun pong ballot box na kung saan nandoon 'yung mga balota na na-accomplish ng mga botante at 'yung hinati po 'yung pinilas na mga balota, lahat po ito ay ibabalik ng teachers. Sila po dapat ang may custody nito," saad ni Laudiangco.

"Kaya nga po tinitingnan namin 'yung anggulo na saan nanggaling ito, bakit nagkaroon ng ganiyan. Ang tanging obligasyon naman po ng aming logistics provider... ang kinuha naman po nila, 'yung makina. 'Yun lang po ang ibabalik sa amin sa Sta. Rosa, Laguna," dagdag niya.

Tiniyak ng Comelec na masasampahan ng kaukulang kaso ang mga responsable sa pagtatapon ng mga dokumento sa halalan kung mapapatunayan ang kanilang pagiging lehitimo.

# Science and technology, pinagyayaman sa bayan ng Carmona




*Larawan mula sa Carmona LGU*

CARMONA, Cavite (PIA) — Patuloy na pinagyayaman ng lokal na pamahalaan ng Carmona ang pagkahilig ng kabataan sa kanilang bayan sa Science and Technology (S&T), sa pamamagitan ng paglulunsad ng iba't ibang programang may kinalaman dito.

Noong Mayo 16, pinangunahan ng pamahalaang bayan ang turnover ceremony para sa 10 set ng Lego Robotics Kit na ibinigay sa mga miyembro ng Students Youth for Science, Technology, Engineering, and Mathematics Society (SYSTEMS) ang Angelo L. Loyola Senior High School (ALLSHS).

Binigyang pagkilala rin ang mga natatanging mag-aaral na nagwagi sa MET Olympiad Battle of the Brain ng Philippine Meteorological Society, Inc. at DOST-Science Education Institute at itinanghal bilang National Finalist at People's Choice Award sa Gawad Alunig ng Department of Science and Technology (DOST) – Technology Application and Promotion Institute (TAPI) Roadmap and Stakeholders' Recognition.

Kabilang dito sina Thean Mendoza, Mark Andrei Pagana, Erin Perez, Milicent Erispe, Christian Allen Gonzales, Mercury Xylene Matutina, Amiel Jet Sonot, at Chrysler Dele Ordas.

Sa kanilang official Facebook page, ipinaapot rin ng lokal na pamahalaan ang kanilang pagbati sa tagumpay ng mga mag-aaral. — Patricia Bermudez, PIA 4A

# PAGTATAYO NG LTO DISTRICT OFFICE SA GENTRI, PINIRMAHAN NI PRRD




Kamakailan ay nilagdaan ni Pangulong Rodrigo Duterte ang batas na magtatatag ng Land Transportation Office (LTO) district office sa lungsod ng General Trias, Cavite.

Ang Republic Act 11769, na nilagdaan ng pangulo noong Mayo 24, ay nag-uutos sa Kalihim ng Transportasyon na agad na isama sa mga programa ng departamento ang operationalization ng LTO district office sa nabanggit na lungsod.

Sa ilalim ng batas, ang pondo para sa LTO district office sa General Trias ay dapat kasama sa taunang General Appropriations Act.

Ang RA 11769 ay dapat magkabisa 15 araw matapos itong mailathala sa Opisyal na Pahayagan o sa isang pahayagan na may pangkalahatang sirkulasyon. Nagmula ang batas sa House of Representatives at ipinasa ng Kamara at Senado noong Mayo 25, 2021 at Enero 31, 2022, ayon sa pagkakasunod-sunod.




ACCEPTING ADS - 0928-4682788/0936-0582240 * E-mail add: pahayagangkabitenyo@Yahoo.com / pahayagancavite@gmail.com

# Sinusitis at Sipon




Payo ni Doc Willie Ong

Ang sinusitis ay nangyayari kapag ang paligid ng daanan ng ilong (sinuses) ay namamaga. Ang pamamaga nito ay nagpapa-sarado sa daanan, kaya mahirap para sa sinuses na maalis ang nakabara. Ang sakit nito ay nagre-resulta para mamaga kapag ang sipon ay nabuo dito.

Ang sintomas nito ay ang pananakit sa palibot ng mata o pisngi, pagbabara ng ilong, dahilan para mahirapan huminga sa ilong, dilaw o berdeng uhog sa ilong o pababa sa iyong lalamunan.

Acute sinusitis ay kadalasan dahilan ng sipon. Ang matagalang sinusitis ay maaaring dahil sa impeksyon, allergy, nasal polyps o deviated septum.

Payo sa sinusitis at sipon:

1. Mag-apply ng warm compress. Ilagay ang mainit-init na basang towel sa ilong, mukha, at mata para mawala ang sakit.

2. Uminom ng maraming tubig o iba pang inumin. Ang tubig ay nakatutulong para palabnawin ang sipon at lumuwag ang mga daluyan nito. Iwasan uminom ng kape at alak, dahil ito ay nakapagpapanuyo.

3. I-steam ang sinuses. Ito ay makatutulong mawala ang sakit at matanggal ang plema. Talukbungan ng towel ang iyong ulo at maingat na langhapin ang singaw ng tubig mula sa palangganang mayroong pinakulong tubig. Panatilihin na ang singaw nito ay direkta sa iyong mukha. O kaya ay maligo ng mainit na tubig at langhapin ang basang singaw nito.

4. Magkaroon ng sapat na pahinga. Ito ay makatutulong sa iyong katawan para labanan ang impeksyon at mabilis na gumaling.

5. Matulog na naka-angat ang ulo. Ito ay makatutulong para ang iyong sinuses ay lumuwag.

6. Nasal lavage. Ito ay paghuhugas sa daanan ng ilong (lavage) at

# EDITORYAL

BUMABABA na ang kaso ng COVID-19 sa bansa at marami ang natutuwa sapagkat babalik na nga sa normal ang lahat. Pero ang masamang balita, ang dengue naman ngayon ang tumataas ang bilang at may mga namatay na. Karamihan umano sa mga nagka-dengue ay mga kabataan.

Noong nakaraang linggo, idineklara ng Philippine- Atmospheric, Geophysical and Astronomical Services Administration (PAGASA) na tag-ulan na. Tapos na ang tag-araw at kapag sinabing tag-ulan, hindi lamang ang problema sa baha ang mararanasan kundi ang mga sakit na dulot ng pag-ulan.

Unang-una ng sakit na nananalasa kapag panahon ng tag-ulan ay dengue na hatid ng lamok na tinatawag na Aedes Aegypti. Mabilis dumami ang lamok na ito. Nangingitlog sa mga nakatinggal na tubig sa basyong bote, plastic, alulod, paso ng halaman at mga sirang gulong ng sasakyan na karaniwang nasa mga bubong ng bahay.

Sa report ng Department of Health (DOH), may pagtaas ng dengue cases sa Western Visayas. Ayon sa DOH, may naitala nang 1,034 na kaso ng dengue sa nasabing lugar mula Enero 1 hanggang Mayo 7 ng taong kasalukuyan. Ayon pa sa DOH, 18 na ang namamatay. Ang kaso ng dengue ngayon ay 36 per-cent na mas mataas kaysa noong nakaraang taon.

Inalerto na ang regional directors ng DOH sa posibleng pagdami pa ng kaso lalo't pumasok na ang tag-ulan. Mahalagang magsagawa ng kampanya ang DOH upang makaiwas sa dengue ang mamamayan. Lubhang delikado ang dengue na mas matindi pa sa COVID. Ang COVID ay mayroong bakunang panlaban hindi katulad ng dengue na wala sapagkat nag--karoon ng kontrobersiya sa Dengvaxia noong 2016. Ipinatigil ng pamahalaan ang pagbabakuna laban sa dengue dahil sa report na may mga batang namatay. Nagkaroon ng takot ang mga magulang sa bakuna.

Sa pagdami ng kaso ng dengue, ang pag-iingat at paglilinis sa kapaligiran at sa loob ng bahay ang nararapat para makaiwas dito. Kung walang pangi-ngitlugan ang mga lamok, walang dengue.

Palawakin ng DOH ang pagbibigay ng inpor-masyon sa mamamayan ukol sa dengue. Marami pa rin ang salat sa kaalaman ukol sa mga lamok na naghahatid ng sakit lalo na ang mga nasa liblib na lugar. Isama sa mga aralin sa school ang pag-iingat at paglilinis sa kapaligiran upang malipol ang mga lamok na nagdadala ng dengue.

# No border closure yet amid increasing monkeypox cases abroad

MANILA – The Philippines continues to monitor the outbreak of monkeypox overseas but the closure of borders is still unlikely, the special adviser against the coronavirus disease 2019 (Covid-19) said Saturday.

In a "Laging Handa" briefing, National Task Force (NTF) Against Covid-19's Dr. Ted Herbosa said monkeypox is an old disease that is not airborne and as infectious as Covid-19.

"We will monitor and prepare for it but the same minimum public health measures to prevent it would apply," he said in Filipino. "Ako (I), as an advisor, will not recommend closing our borders just because there are 85 reported cases of monkeypox."

Herbosa, an infectious diseases expert, said monkeypox is a relative of the already eradicated smallpox virus, which can be used to manufacture a vaccine.

"'Yung smallpox virus, maaring magawang bakuna at pupuwedeng epektibo dito sa monkeypox. So sa mga bansa na naka-freeze 'yung virus ng smallpox, they can actually manufacture the necessary vaccine although wala tayo commercially. Kapag kumalat, puwedeng gumawa ng bakuna (A vaccine against smallpox can serve as an alternative and may provide protection against monkeypox. Some countries were able to freeze the smallpox virus since eradication, so they can actually manufacture the vaccine if it spreads)," he said.

The World Health Organization (WHO) on May 20 confirmed 80 cases of monkeypox across 11 countries while investigating 50 others.

It warned that "more are likely to be reported" as surveillance expands.

As of May 19, over 10 countries where monkeypox is not endemic have detected the virus, the WHO said.

On Friday, the Netherlands and Paris confirmed their first monkeypox cases.

Dutch authorities have yet to provide details while the Paris Health Ministry said its case involves a 29-year-old man who had no previous record of traveling to a country where the virus is circulating, according to Anadolu News Agency.

Monkeypox symptoms typically include fever, intense headache, muscle aches, back pain, low energy, swollen lymph nodes and a skin rash or lesions.

The rash usually begins within one to three days after the onset of fever.

Lesions can be flat or slightly raised, filled with clear or yellowish fluid, and can then crust, dry up, and fall off, according to WHO.

The incubation of the disease can range from five to 21 days.

In another news release on Friday, the WHO said some cases were detected through sexual health services and are among men who have sex with men.

"Furthermore, it is suspected that transmission may have been ongoing for some time, as the cases are geographically dispersed across Europe and beyond," the news release stated, emphasizing that those infected will recover within a few weeks without treatment but the disease can be more severe in young children, the pregnant, and immunocompromised. (PNA)

PAHAYAGAN NG Kabitenyo
In God We Trust
ISSN-1656-0558
An English-Filipino newsweekly published every Monday by Pahayagan ng Kabitenyo with Editorial and Business Office at Unit-D 147 Panapaan IV, P.F. Espiritu IV, Bacoor, Cavite 4102.
Email: pahayaganngkabitenyo@Yahoo.com
Email: pahayagancavite@gmail.com
Entered as Second Class Mail at Postal Region IV San Pablo City under Permit N0 200305 on May 27, 2003
PAPER.Ph MEMBER
ERNA BALAGTAS ANCHETA
Publisher
DIOSDADO ARIEL F. ALTO, JR.
Editor-In-Chief
DIOSAN MARUAL
KCEE NACION
Marketing & Circulation Manager
ATTY. EVELYN R. DOMINGUEZ
Legal Counsel

| | |
|---|---|
| SUBSCRIPTION RATE : | P1,000.00/year |
| Advertising Rate : | P200.00/col. cm. |
| Legal Rate : | P160.00/col. cm. |

# DENR CALABARZON, PATULOY ANG PAGPIGIL SA PAG ANOD NG MGA BASURA PATUNGO SA MANILA BAY

Calamba City, Laguna - Ang Kagawarang ng Kapaligiran at Likas na Yaman ng Rehiyong CALABARZON sa pangunguna ng Manila Bay Site Coordinating Management Office No. 4 (MBSCMO4) at ng Provincial Environment and Natural Resources Office ng Cavite ay nagsagawa ng paglilinis ng ilog sa Barangays Malagasang II-B at II-C sa siyudad ng Imus, Cavite noong ika-13 ng Mayo 2022. Ito ay naaayon sa pagdiriwang ng Month of the Ocean na ginugunita tuwing buwan ng Mayo.

Ang gawaing ito ay nilahukan ng 60 katao na binubuo ng mga opisyal ng Barangays Malagasang II-B at II-C, manggagawa ng City ENR Office ng Imus, kasapi ng Pantawid Pamilyang Pilipino Program (4Ps) sa nasabing mga Barangay, piling empleyado ng Provincial Government ENR Office ng Cavite, Department of Interior and Local Government (DILG) ng CALABARZON at DENR CALABARZON Regional Office. Kasama rin ang mga nakatalagang River Rangers at Eco Aide sa nasabing gawain.

Sa kabuuan ay nakakolekta ng higit sa 2,500 kilos ng hindi nabubulok, nabubulok, at residwal na basura sa higit kumulang na 250 metro ng ilog. Ang mga sakong pinaglagyan ng basura ay isinakay sa garbage collector's trak ng City ENRO upang ilagak sa Montalban Sanitary Landfill sa probinsya ng Rizal.

Ibinahagi ni For. Raymund F. Mercurio, Assistant to the Regional Deputy Coordinator ng MBSCMO4 na ang napiling lugar ay nakapaloob sa Ylang-Ylang River System na dumadaloy patungo sa lawa ng Maynila. Aniya "ang layunin po natin ay maiwasan ang pagpasok o pagdaloy ng mga basura sa Manila Bay." Dagdag pa niya ang malaking epekto ng basura sa kapaligiran at kalikasan tulad ng polusyon ng ating katubigan.

Hinikayat ni For. Mercurio na magkaisa at magtulong tulong sa paglilinis ng ating kailugan. Binigyang diin niya ang kahalagahan ng pagtutulungan o bayanihan ng mga Barangay upang maging matagumpay sa adhikain na malinis ang ating mga ilog.

Sa kabilang banda, ipinahayag ni Assistant Regional Director for Special Concerns Jose Elmer C. Bascos ang pasasalamat ng DENR IVA CALABARZON sa mga nakilahok. "Ito pong activity na ito ay tuloy-tuloy nating ginagawa upang makamit natin ang minimithi nating SB level ng Manila Bay. Ang SB Level na gustong matamasa ng Manila Bay sang-ayon sa DENR Administrative Order No. 2021-19 ay ang kundisyon kung saan ito ay maaaring languyan, paliguan at pagdarausan ng iba pang gawain kaugnay sa paglilibang. Marahil nagtataka kayo kasi malayo tayo roon (Manila Bay) pero ang atin pong mga ilog at creek ay dumadaloy patungo sa Manila Bay" saad ni For. Bascos.

Kasama rin sa gawaing ito sina PENRO Januel C. Peras ng Cavite, MBSCMO Cavite Focal Person Judaline Fabro, Deputy Regional Coordinator ng MBSCMO4 For. Violeta P. Masagnay at mga staff, City ENRO Doroteo Saganes, Punong Barangay ng Malagasang 2B at 2C Henry G. Herrera, at Mico A. Herrera.

Nasiyahan ang mga Local Government Units at mga National Agencies na lumahok sa clean-up lalo na at itinuturing natin ang problema sa basura at pagsasaayos nito ay isang pinagsama-samang pagkilos ng LGUs, DENR, at iba pang ahensya ng pamahalaan at ang mga nasasakupang komunidad. Nagpasalamat din sila sa kanilang natanggap na Cerificate of Appreciation mula sa DENR IV-A CALABARZON sa pamumuno ng butihing Regional Executive Director Nilo B. Tamoria.

Ang DENR CALABARZON ay patuloy na hinihimok ang publiko na makilahok sa mga gawaing pangkalikasan. Makipag-ugnayan lamang sa pinakamalapit na tanggapan ng DENR sa inyong lugar o magpadala ng sulatroniko sa r4a@denr.gov.ph o tumawag sa 0956 182 5774 / 0919 874 4369. Maaari ring magpadala ng mensahe sa Opisyal na Facebook Page @DENR4AOfficial.###

#DENRCALABARZON #TayoAngKalikasan #ManilaBayRehabilitationProgram







## GUHIT NG KAPALARAN

GEMINI: (May.21-Hun.21) Malaki ang epekto sa buhay pag-ibig ng pagbabago ng iyong desisyon. Anuman ang mangyari, manindigan. Sa pagpapasiya, pag-aralan muna ang maaaring ibubungang kabutihan at kasamaan bago pumalaot. Lucky numbers at color for the day ang 18, 26, 29, 30 at Green.

CANCER: (Hun.22-Hul.22) May kumakalaban ng lihim sa iyo kaya doblehin ang pag-iingat. Magiging masaya kung kasama ang Pisces. Lucky numbers at color for the day ang 12, 27, 36, 44 at Green.

LEO: (Hul.23-Ago.22) Maswerte ngayon sa pananalapi at sa anumang uri ng relasyon. Kung may negosyo, maganda ang kita. Happy ka. Lucky numbers at color for the day ang 02, 05, 37, 42 at Fuchsia.

VIRGO: (Ago.23-Set.23) Hindi magugustuhan ng mga kaibigan ang mga kilos mo ngayon. Magiging iritable at magagalitin ka. Lucky numbers at color for the day ang 12, 22, 24, 39 at Pink.

LIBRA: (Set.24-Okt.23) Mahuhulog ang iyong damdamin sa isang bago o dati nang ka-kilala. Sa kalaunan magkakaroon kayo ng relasyon. Lucky numbers at color for the day ang 13, 27, 36, 41 at Peach.

SCORPIO: (Okt.24-Nob.22) Iwasan ang sobrang pag-iisip. Kahit may problema,dapat maglaan ng oras sa paglilibang at pagpapahinga. Lucky numbers at color for the day ang 02, 06, 29, 41 at Brown.

SAGITTARIUS: (Nob.23-Dis.21) May kaunting problema sa pinansyal ngunit may paraan na maresulba. Malalapitan ang mga kamag-anak. Lucky numbers at color for the day ang 11, 13, 27, 39 at Yellow.

CAPRICORN: (Dis.22-Ene.19) Magiging maluwag ang oras ngayon. Matutupad ang ipinangako. Dagdagan ang sipag at tiyaga, naglalandas ang pag-unlad. Lucky numbers at color for the day ang 16, 25, 33, 44 at Blue.

AQUARIUS: (Ene.20-Peb.18) Malamang may gaga-wing paliwanag sa iyong boss. Ang magandang aral ay tandaan at dapat hindi na maulit ang mali. Lucky numbers at color for the day ang 15, 20, 23, 35 at Red.

PISCES: (Peb.19-Mar.20) Kung magiging emosyonal, talo ka dahil hinanakit ang mapapala. Kung may problema, kumilos agad. Lucky numbers at color for the day ang 15, 16, 22, 39 at Royal blue.

ARIES: (Mar.21-Abr.19) Maganda ang takbo ng relasyon at ang plano ninyo ng minamahal ay maisasagawa. Walang magi-ging problema. Lucky numbers at color for the day ang 15, 28, 29 38 at Peach.

TAURUS: (Abr.20-May.20) Taglay mo ang kakaibang lakas ng loob at makakagawa ka ng isang desisyon na ika-kagulat ng lahat. Lucky numbers at color for the day ang 13, 19, 26, 37 at Navy blue.

FamilyMart

# KARAMIHAN SA MGA MANGGAGAWANG PILIPINO,MAS MASAYA SA 'HYBRID OPTIONS' SA TRABAHO - CISCO


Karamihan sa mga empleyadong Pilipino ay mas masaya kapag nabigyan sila ng hybrid work options bagaman wala pa sa 30% ng mga kumpanya ang handa para dito, ayon sa kamakailang pag-aaral na isinagawa ng global technology firm na Cisco.

Ipinahihiwatig ng pinakahuling pag-aaral na 59.6% ng mga lokal na empleyado ang nagnanais ng hybrid work arrangement, kung saan 96.6% ng mga employer ang sumusuporta, at 59.6% ang nagsasabing sila ay lubos na sumusuporta.

Napag-alaman na 89.2% ng mga empleyado ay naniniwala na ang kanilang pangkalahatang kagalingan ay bumuti sa hybrid na pagtatrabaho, na may 92.2% ang mga nagsasabing sila ay mas masaya.

Ilan sa mga rason kung bakit mas nagustuhan ng mga respondents ang hybrid options ay dahil sa flexible work schedules at pinababang oras sa pag-commute pauwi o papasok sa trabaho.

Nasa 68.1% naman ang nagsabing na ang hybrid options sa trabaho ay



nagpabuti ng kanilang pisikal na kalusugan, kung saan karamihan ay nagsasabi na sila ay nakakakain na sila ng mas masustansyang pagkain (76.3%), mas may oras sa pag-ehersisyo (71.1%), at naging physically fit (74.2%).

Mayroon ring 78.7% ang nagsabi na naging mas maganda ang kalidad ng kanilang trabaho, 75.4% ang nagbanggit na mas naging produktibo, 81.6% ang naniniwala na mas natuto sila at nadagdagan ang skills, habang 69.6% ang nagkaroon ng mas mabuting relasyon at saloobin sa lugar ng trabaho.

"The last two years have shown that work is no longer where we go, but what we do. In a hybrid normal, employees and employers in the Philippines are experiencing tangible benefits from improved employee well-being to better productivity and work performance," pahayag ni Cisco Philippines managing director Zaza Nicart sa isang emailed statement.

Sa ilalim ng hybrid work arrangement, humigit-kumulang 74% ng mga respondent ang nagsabing nakatipid sila ng hindi bababa sa apat na oras bawat linggo sa pagtatrabaho mula sa bahay, habang 37% ang nagsabing nakakatipid sila ng walo o higit pang oras sa isang linggo.

"Our latest research indicates that more needs to be done to fully integrate hybrid work arrangements for employees, especially when it comes to building an inclusive culture powered by efficient technology infrastructure in this new world or working that employees clearly prefer," ani Cisco senior director Anupam Trehan.

# ILANG GENTRISEÑOS, NAKASUNGKIT NG MEDALYA SA SEA GAMES

Sa pamamagitan ng isang Facebook post, binati ni Cavite Congressman Jon-jon Ferrer ang ilang mga mamamayan mula sa lungsod ng General Trias, Cavite na nakasungkit ng medalya sa kasalukuyang ginaganap na Sea Games.

"Ang talento ng Gentriseño, maipagmamalaki sa buong Mundo! Pinatunayan po ng ating mga atletang kababayan na hindi papahuli ang mga taga-





Gentri sa larangan ng sports sa kasalukuyang Southeast Asian Games sa Hanoi, Vietnam," ani Ferrer.

Ayon sa opisyal, sina Mark Gayon at Mary Joy Renigen na nakakuha ng Gold at Silver medals sa Dancesport event of Single Standard Slow Foxtrot, Waltz and Quicksteps ay nagmula sa Westwood Lancaster New City.

Samantala, si Annie Ramirez na mula sa Kensington, Lancaster New City ay nakakuha rin ng Gold Medal sa Jujitsu-Women's U 62kg category.

Source: Jon-Jon Ferrer (FB)


ARMYNAVY
BURGER + BURRITO



PAHAYAGAN NG
Kabitenyo
ISSN-1656-0558
In God We Trust
VOL. 21 NO. 14 MAY 30 - JUNE 5, 2022 10.00


# PTCAO AND TTAs CONDUCT ONSITE VALIDATION OF PROPOSED TOURISM CIRCUITS IN CAVITE



In line with the recently conducted Tourism Circuit Development Training, the Provincial Government of Cavite, through the Provincial Tourism and Cultural Affairs Office along with representatives from local travel and tour associations, conducted an on-site validation of the proposed tourism circuits in the four (4) tourism nodal points of Cavite. The activity, which ran for six days on May 12-13 and May 17-20, meant to further assess the readiness of the different tourist attractions and establishments in the province and the feasibility of each proposed circuit.

The First Tourism Nodal Point, which covers Cavite City, Kawit, Noveleta, Rosario, Tanza, Imus City, and Bacoor City, is the province's center for history. Thus, its circuit included sites and attractions that represents the history, heritage and culinary of Cavite.

Meanwhile, the circuit in the Second Tourism Nodal Point centers on ecotourism and water fun activities in the towns of Naic, Maragondon, Magallanes, and Ternate. This includes beaches and coves, rivers, and swimming pool resorts.

The Third Tourism Nodal Point's proposed circuit is composed of sites and attractions that promotes leisure, health and wellness. These are located in Silang, Amadeo, Indang, Alfonso, Gen. Emilio Aguinaldo, Mendez, and Tagaytay City.

Finally, the circuit representing the Fourth Tourism Nodal Point targets golfers and sports enthusiasts to different sports and recreation sites in Carmona, GMA, Dasmariñas City, Gen. Trias City, and Trece Martires City.

During the validation, travel and tour agents asked questions regarding a site's available facilities, activities and services offered, and rates, which are major considerations when creating tour packages. The respective local tourism officers were also present to assist and provide suggestions and more information.

PTCAO will later convene the participants to finalize the assessment and proceed with the creation of tour packages.

